Medicaid
At
Mga Serbisyo ng Pangmatagalang Pangangalaga
para sa mga Nasa Hustong Gulang

Tingnan:

- Ang proseso para sa pag-aapply at pagtanggap ng Medicaid.
- Ang mga opsyon ng pangangalaga para sa mga taong tumatanggap ng Medicaid.

Isang pambasang lider

Pagpili Kalidad Pangangalaga

Isang mensahe mula sa Direktor ng...

Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad

Kung natanggap mo ang booklet na ito, kung gayon ikaw (o ang iyong mahal sa buhay) ay tumitingin ng mga opsyon para makakuha ng tulong sa pangangalaga sa iyo. Wala pa ito sa plano para sa maraming tao at ang mga bagay ay maaaring maging hindi pamilyar at nakakalito. Maaaring mahirap malaman kung anong tulong ang mayroon at kung paano mo ito babayaran.

Ang Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad ay ang bahagi ng pamahalaan ng estado na tumutulong sa mga matanda na mababa ang kita at nasa hustong gulang na may mga kapansanan at makakakuha ng impormasyon, suporta, at mga serbisyo ang kanilang mga pamilya kapag kailangan ng pangmatagalang pangangalaga.

Ipinagmamalaki namin na ang Estado ng Washington ay kilala bilang isang nangunguna at pambansang lider sa pagtulong sa lahat ng nasa hustong gulang na kailangan ng pangangalaga na patuloy na mamuhay nang malaya hangga't maaari sa bahay o sa setting na komunidad.

Ano ang ibig sabihin nito sa iyo? Marami kang opsyon at mga pagpipilian para makuha ang kailangan mong pangangalaga. Hindi ka nag-iisa habang nalalaman mo ang tungkol sa mga opsyon na available at i-set up ang mga serbisyo.

Ang mga manggagawa ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad na ukol sa pananalapi at panlipunan ay mga propesyonal na tutulong sa iyong maintindihan ang mga opsyon mo at itutugma ang iyong mga pangangailangan at mga kagustuhan sa mga serbisyong de-kalidad na mayroon sa iyong komunidad.

Hinihikayat kita na basahin ang pulyetong ito at tanungin ang iyong manggagawa sa pananalapi at na panlipunan ng anumang mga tanong na mayroon ka. Alam ko na ikaw ay nasa kamay ng may kakayahan at may kaalaman.

Taos-puso,

Bea Rector
Direktor ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad

Medicaid
At
Pangmatagalang
Mga Serbisyo ng Pangangalaga
para sa mga nasa Hustong Gulang

Mayroon Kang Pagpipilian.

Ang booklet na ito ay para sa mga nasa hustong gulang na 18 o mas matanda pa na mayroong hindi gumagaling na kondisyon, sakit, o kapansanan, kailangan ng tulong sa pangangalaga, at nagsisiyasat gamit ang Medicaid upang tumulong na bayaran ito.

Tutulungan ka ng booklet na ito na malaman pa ang tungkol sa:

- Paano mag-apply ng Medicaid.
- Mga limitasyon ng karapat-dapat na kita at pinagkukunan para sa Medicaid.
- Pagbawi ng ari-arian sa anumang mga pondo na matatanggap mo.
- Mga opsyon sa serbisyo ng pangangalaga ng Tahanan at tinitirhan at mga pinagkukunan kung karapat-dapat ka para sa Medicaid.

Hindi nandidiskrimina ang DSHS sa paglilingkod o pagkikipagkontrata sa mga tao dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, relihiyon, pananampalataya, estado sa kasal, kapansanan, o katayuan bilang Beterano sa Vietnam Era, o ang pagkakaroon ng anumang pisikal, pangkaisipan o kakayahang makaramdam na kapansanan.

Ang mga litratong kuha ni Carole Huff

Mga Nilalaman

Pag-aapply para sa Medicaid 1

Paano Mag-apply 1

Pagsagot ng Application 1

Pagsusuri na May Kinalaman sa Pananalapi 2

Mga limitasyon ng karapat-dapat na kita at pinagkukunan 3

Pagtatasa ng Personal na Pangangalaga 4

Ano ang Aasahan Kapag Naaprubahan ang Iyong Application 5

Ang Iyong Kita Kapag Tumanggap Ka Ng Medicaid 6

Pagbawi ng mga Pondo Mula sa Iyong Ari-arian 7

Mga Lien (Abiso ng Pagkakautang) Laban Sa Ari-arian 8

Mga Opsyon ng Pangangalaga para sa mga Taong Tumatanggap ng Medicaid 9

Mga Serbisyo at Programa na Tumutulong sa Iyo na Mamalagi sa Bahay 9

Tulong sa Personal na Pangangalaga 9

Tulong sa Mga Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan 11

Iba Pang mga Serbisyo na Maaaring Makatulong 11

Mga Karagdagang Programa 13

Mga Opsyon para sa Matitirhang Bahay at Pangangalaga 13

Mga Adult Family Home at Mga Assisted Living Facility 14

Mga Nursing Facility 14

Mayroon Kang Pagpipiliian 15

Karagdagang Impormasyon 16

Pag-order ng mga Paglalathala 16

Community Living Connections 16

Mga Pinagkukunan para sa mga Tagapag-alaga 17

Pag-aapply para sa Medicaid

Ang Medicaid ay isang programa ng pamahalaan para sa insurance ng kalusugan na nagbabayad para sa medikal na mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga para sa mga taong mayroong limitadong kita at mga pinagkukunan.

Kung ikaw ay karapat-dapat, babayaran ng Medicaid ang mga serbisyo sa iyong sariling tahanan, isang pasilidad sa komunidad para sa pantahanang pangangalaga (adult family home o assisted living facility) o nursing facility.

Paano Mag-apply

Kung ikaw ay 18 o mas matanda pa, maaari kang mag-apply ng Medicaid sa pamamagitan ng iyong lokal na opisina ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (Home and Community Services, HCS) o sa online.

Mayroong tatlong pangunahing bahagi sa proseso ng pag-aapply:

1. Pagsasagot at pagbabalik ng application.
2. Isang pagsusuri ukol sa pananalapi upang malaman ang iyong pagiging karapat-dapat na may kinalaman sa pananalapi.
3. Isang pagtatasa ng personal na pangangalaga upang malaman ang iyong pagiging karapat-dapat batay sa iyong mga pangangailangan.

Ang HCS ay bahagi ng Pangasiwaan ng Matanda at Pangmatagalang Suporta (Aging and Long-Term Support Administration, ALTSA), isang pangasiwaan sa loob ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Department of Social and Health Services, DSHS).

Nagbibigay ang kawani ng HCS na iba't-ibang mga serbisyo at suporta sa iyo.

Mag-apply nang personal o sa pamamagitan ng sulat

Tumawag o puntahan ang opisina ng HCS para makakuha ng application form. Ang mga numero ng telepono para sa mga opisina ng HCS ay nasa likod ng booklet na ito. Ang application form ay maaaring:

- Ipadala sa iyo sa sulat.
- Kunin sa opisina ng HCS.
- I-download at i-print sa Internet sa: http://www.hca.wa.gov/medicaid/forms/Pages/index.aspx sa ilalim ng 18-005 Washington Apple Health Application para sa Pangmatagalang pagsakop sa Pangangalaga/Matanda, Bulag, May Kapansanan.

Mag-apply sa online

Para sagutan at isumite ang application sa online, pumunta sa Washington Connections https://www.washingtonconnection.org/home/ at mag-click sa "Apply Now." Dadalhin ka nito sa isang ligtas na page sa Internet. Protektado ang anumang impormasyon na ilalagay mo sa application.

Pagsasagot ng Application

Sundin ang mga tagubilin at sagutan ang lahat ng tanong sa application. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasagot ng application, tawagan ang iyong lokal na opisina ng HCS.

Kasama sa mga impormasyon na kailangan mong ibigay ang:

- Numero ng Social Security.
- Katunayan ng pagkakakilanlan.
- Katunayan ng kita.
- Mga kasulatan ng pinagkukunan (tulad ng mga statement sa bangko, statement ng buwis sa ari-arian, life insurance).
- Mga dokumento sa imigrasyon o pagiging alien.
- Katunayan ng pagiging citizen kung hindi ka tumatanggap ng Medicare o Supplemental Security Income (SSI), o Mga Benepisyo ng Social Security para sa May Kapansanan.

Karagdagang Suporta

Kung nahihirapan kang basahin ang application o mayroong mga problema sa isipan, katawan, pandinig, o paningin na nagpapahirap na maintindihan kung ano ang nangyayari sa proseso ng application, humingi ng tulong sa kawani ng HCS.

Maaari kang alukin ng kawani ng HCS ng mga materyales na Braille, nakasulat na mga materyales na isinalin o nasa computer disk, materyales na nasa malalaking letra, paggamit ng mga device na pantulong sa pandinig, TTY, o isang kwalipikado/sertipikadong interpreter .

Kung gusto mong ibang tao ang mag-apply para sa iyo, kailangan mong pirmahan ang form ng pahintulot na nagbibigay ng pahintulot sa ibang tao na kumatawan sa iyo sa panahon ng proseso ng application. Dapat i-update ang form ng pahintulot taun-taon.

Tiyaking nakahandang sagutin ng tao ang mga tanong tungkol sa iyong personal at ukol sa pananalapi na sitwasyon.

Ang higit pang impormasyon sa proseso ng application para sa pangmatagalang pangangalaga ay maaaring makita sa: http://www.hca.wa.gov/medicaid/manual/Pages/60-200.aspx.

Pagsusuri na May Kinalaman sa Pananalapi

Kapag nakumpleto mo na ang iyong application, makikipagtulungan sa iyo ang isang espesyalista HCS sa mga serbisyo ukol sa pananalapi upang makita kung karapat-dapat kang tumanggap ng Medicaid batay sa iyong pinansyal na katayuan. Depende sa kung ano ang pinakamabuting gagana sa iyo, ito ay maaaring isang panayam na personal o sa telepono.

Kapag nakipag-usap ka sa espesyalista sa mga serbisyo ukol sa pananalapi, maaari mong ipaliwanag nang mas detalyado ang mga sagot sa iyong application form.

Makikita ang mga tuntunin ng Washington Apple Health (Medicaid) sa: www.dshs.wa.gov/ca/about/far.asp

Tingnan ang susunod na seksyong "Mga Limitasyon ng Karapat-dapat na Kita at Pinagkukunan" para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga limitasyon ng karapat-dapat na kita at pinagkukunan at anumang mga paglilipat ng pinagkukunan na susuriin ng espesyalista sa mga serbisyo ukol sa pananalapi nang kasama ka.

Ipapaliwanag ng mga empleyado ng HCS ang mga tuntunin ng Medicaid ngunit hindi ka mabibigyan ng payong personal, ukol sa pananalapi o legal. Maaaring naisin mong makipag-usap sa isang abogado na nakakaintindi sa mga tuntunin ng Medicaid kung kailangan mo ng tulong sa isang desisyon.

Matutulungan ka ng kawani sa iyong lokal na Opisina ng Community Living Connections na maghanap ng legal na tulong. Tingnan ang pahina 16 para sa kung paano makikipag-ugnayan sa kanila.

Dapat mong sabihin ang lahat ng pinagkukunan na mayroon ka kapag nag-aapply para sa Medicaid.

Mga limitasyon ng karapat-dapat na kita at pinagkukunan

Dapat mong matugunan ang iba't-ibang mga kinakailangan para sa kita at pinagkukunan upang maging karapat-dapat para sa Medicaid. Ang mga limitasyon ng kita at pinagkukunan ay itinatakda ng batas at binabago bawat taon.

Kita

Ang mga limitasyon ng Medicaid para sa kita ay magkakaiba depende sa mga kailangan mong serbisyo, ang iyong sitwasyon sa pamumuhay, at ang iyong estado sa kasal. Ang opisina ng HCS ay mayroong bagong impormasyon. Ang lahat ng pamantayan ng Medicaid para sa kita at pinagkukunan ay makikita sa: http://www.hca.wa.gov/medicaid/eligibility/pages/standards.aspx.

Mga Pinagkukunan

Dapat mong sabihin ang lahat ng pinagkukunan na mayroon ka kapag nag-aapply para sa Medicaid. Kasama sa mga pinagkukunan ang pera, mga ari-arian, o pag-aari na mayroon ka tulad ng pera, mga account sa bangko, stocks at bond, retirement plan, mga trust, mga annuity, patakaran ng life insurance, kontrata sa pagbebenta, sasakyan at lupa. Kung may-asawa ka, ang mga pinagkukunan ng parehong mga asawa ay gagamitin upang malaman ang iyong pagiging karapat-dapat para sa Medicaid

Ang ilang "hindi kasama" na mga pinagkukunan ay hindi binibilang sa mga limitasyon ng pinagkukunan. Maaaring isama sa mga hindi kasamang mga pinagkukunan ang iyong bahay, gamit sa bahay at mga personal na gamit, ilang mga kontrata ng pagbebenta ng bahay at lupa, kotse, life insurance na may face value na hindi hihigit sa $1,500, lupa na paglilibingan, at karamihan sa mga prepaid na plano para sa paglilibing.

Ipinapahayag ng batas na pederal na ang ilang mga regalo o paglilipat na ginawa upang maging kwalipikado para sa Medicaid ay sasailalim sa mga kaparusahan. Naglalaman rin ang batas ng estado ng mga kaparusahan para sa taong tumatanggap ng mga pinagkukunan na inilipat para sa mas mababa sa patas na halaga sa merkardo.

Paglilipat ng mga pinagkukunan

Sa ilalim ng batas ng estado at pederal, dapat suriin ng espesyalista sa mga serbisyo ukol sa pananalapi ng HCS ang anumang paglilipat ng mga pinagkukunan na nangyari sa loob ng 60 buwan ng petsa na nag-apply ka para sa mga serbisyo na pang-institusyon o Waiver sa Tahanan at Komunidad.

Kung inilipat ang mga pinagkukunan sa loob ng panahon na iyon at hindi ka nakatanggap ng patas na halaga sa merkado para sa mga ito, maaaring hindi ka maging karapat-dapat na tumanggap ng mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga ng Medicaid para sa isang takdang panahon.

Maaari mong ilipat ang iyong bahay nang walang multa sa iyong:

- Asawa.
- Kapatid na mayroong equity interest sa bahay at tumira doon nang kahit isang taon kaagad bago ang petsa ng pagiging karapat-dapat sa Medicaid.
- Umaasang anak na wala pang 21 taong gulang.
- Anak na bulag o may kapansanan.
- Anak na nasa hustong gulang na tumira sa iyo at nagbigay ng pangangalaga para pahintulutan kang manatili sa bahay ng dalawang taon.

Pagtatasa ng Personal na Pangangalaga

Pupunta ang isang social worker ng HCS sa iyong tahanan at makikipag-usap sa iyo nang matagal. Bibigyang-daan ng panayam na ito ang social worker na maintindinhan at matasa kung ano ang kasalukuyang nangyayari sa iyong araw-araw na buhay at anong uri ng tulong ang kailangan mo. Ito ay tinatawag na pagtatasa.

Ang pagtatasang ito ay ginagamit upang malaman kung ang antas ng mga serbisyo ng pangangalaga na kailangan mo ay ginagawa kang karapat-dapat na tumanggap ng Medicaid batay sa iyong pangangailangan.

Kung karapat-dapat kang tumanggap ng Medicaid, rerepasuhin sa iyo ng social worker ang iyong mga opsyon para sa mga serbisyo ng pangangalaga. Tingnan ang pahina mga 9-13 para sa isang pagsusuri kung ano ang ilan sa mga opsyon na ito. Makakatulong na basahin ang seksyon na ito bago ka makipagkita sa social worker.

Tumutulong ang iyong pagtatasa sa pangangalaga na malaman kung ikaw ay karapat-dapat tumanggap ng Medicaid.

Bilang bahagi ng pagtatasa ng iyong pangangalaga, mayroong available na nars upang tumulong na matasa at magplano kung anong uri ng tulong ang maaaring kailangan mo sa (mga) gawain sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan ng kakayahan. Ito ay maaaring isang konsultasyon sa pagitan ng nars at ng iyong social worker, o tawag sa telepono o pagbisita sa bahay sa pagitan mo at ng nars.

Maraming tao ang mayroong pamilya at mga kaibigan na tumutulong na sa pangangalaga. Halimbawa, maaari kang dalhin ng iyong pamangkin na lalaki upang mamili ng groserya, maaari kang tulungan ng iyong anak na babae na magbayad ng mga bayarin, at maaari kang sunduin ng isang kaibigan tuwing Linggo para magsimba.

Makipag-usap sa pamilya at mga kaibigan na ito at alamin kung patuloy nilang gagawin ang mga bagay na ito para sa iyo bago ka makipagkita sa social worker.

Makakatanggap ka ng sulat na ipinapaalam sa iyo kung ikaw ay naaprubahan para sa pagsakop ng Medicaid.

Ano ang Aasahan Kapag Naaprubahan ang Iyong Application

Makakatanggap ka ng sulat na ipinipaalam sa iyo na naaprubahan ka para sa pagsakop ng Medicaid.

Sasabihin ng sulat sa iyo kung magkano sa iyong kita ang maaari mong itabi para sa iyong mga personal na pangangailangan, suporta sa asawa, allowance para sa pagsasaayos ng bahay, mga premium ng insurance na pang-medikal, mga kinakailangang paggastos na medikal na hindi sakop ng Medicaid, at kung magkano ang dapat mong bayaran sa iyong tagabigay ng serbisyo (provider) sa halaga ng pangangalaga sa iyo (paglahok). Tingnan ang susunod na seksyon na, Ang iyong kita kapag tumanggap ka na ng Medicaid, para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga bagay na ito.

Makipag-ugnayan sa taong nagpadala ng sulat sa iyo kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa kung ano ang nasa sulat ng pag-apruba.

Makaktanggap ka ng Provider One Services Card. Nagbabayad ito para sa:

- Mga serbisyong medikal na sakop sa ilalim ng Medicaid tulad ng mga ginagawa laboratoryo o mga pagpapatingin sa doktor.
- Mga iniresetang gamot kung **hindi** ka tumatanggap ng Medicare. Nagbabayad ang Medicare Part D para sa karamihan ng iyong mga iniresetang gamot kung tumatanggap ka ng Medicare.

Tutulungan ka ng social worker na bumuo nakahiwalay na plano ng pangangalaga. Pagkatapos, pamamahalaan niya ang pag-set up ng mga serbisyong kinakailangan.

Makakatanggap ka ng form ng Pagsakop sa Pangangalagang Pangkalusugan at Pananagutan (HCA 18-003) na bumabalangkas sa iyong mga karapatan at pananagutan kapag tumatanggap ng Medicaid. Ang kopya ng HCA 18-003 ay maaari ring makita sa http://www.hca.wa.gov/medicaid/forms/Pages/index.

Ang iyong pagiging karapat-dapat batay sa iyong pinansyal na katayuan at mga pangangailangan upang makatanggap ng mga benepisyo ng Medicaid ay susuriin nang isang beses sa isang taon.

Kung hind ka naaprubahan

Makakatanggap ka ng sulat na ipinapaalam sa iyo na tinanggihan ang iyong application para sa pagskop ng Medicaid.

Ang iyong pagiging karapat-dapat tumanggap ng mga benepisyo ng Medicaid ay susuriin nang isang beses sa isang taon.

Maraming mga pinagkukunan at programa na mababa ang halagag na maaari mong naising tingnan. Kontakin ang iyong lokal na opisina ng Community Living Connections. Tingnan ang pahina 16 para sa higit pang impormasyon.

Ang Iyong Kita Kapag Tumanggap Ka Ng Medicaid

Kapag nagsimula ka nang tumanggap ng Medicaid, maaaring kailanganin mong iambag ang ilan sa iyong kita sa mga halaga ng pangangalaga sa iyo. Tinatawag itong ang paglahok mo. Ang dami ng iyong paglahok ay depende sa mga serbisyo na iyong natatanggap, iyong estado sa kasal, at ang iyong kita. Dapat mong bayaran ang mga halaga ng paglahok na ito kung kinakailangan ang mga ito.

Bahagi ng iyong available na kita ay maaaring mapunta sa allowance ng asawa. Ang allowance ng asawa ay ginagamit upang itaas ang kita ng iyong asawa sa maitatag ang mga pamantayan ng pederal na pamahalaan. Ang pagtanggap ng allowance ng asawa ay depende sa programa, mga kinakailangan mong serbisyo, at ang sitwasyon ng iyong pamumuhay. Ang bahagi ng iyong available na kita ay maaari rin mawala upang suportahan ang mga umaasang kamag-anak.

Kung nakatira ka sa bahay, bahagi ng iyong available na kita ay maaaring itabi para sa pagpapanatili ng bahay tulad ng upa, mga utilidad, at mga buwis at mga personal na pangangailangan. Kung nakatira ka sa isang residential care facility, itabi ang ilang sa iyong kita para sa iyong mga personal na pangangailangan.

Kung mamalagi ka sa isang nursing facility nang maikling panahon, maaari kang magtabi ng karagdagang kita upang tulungang panatilihin ang iyong bahay para sa pagbalik mo. Kilala itong bilang "Allowance sa Pagpapanatili ng Pabahay". Dapat beripikahin ng iyong doktor na posible kang bumalik ng bahay.

Kung nakatira ka sa isang adult family home o assisted living facility, may pananagutan kang bayaran ang silid at pagtuloy bilang karagdagan sa iyong paglahok. Ang kombinasyon ng paglahok at silid at pagtuloy ay tinatawag na iyong kabuuang pananagutan.

Karagdagang Patakaran sa Pagbabayad

Ang Medicaid at ang halaga na binabayaran mo sa paglahok ay binabayaran nang buo para sa pangangalaga sa iyo. Ang mga Adult family home (mga AFH) o mga assisted living facility (mga ALF) (tingnan ang pahina 14) ay maaaring humingi ng karagdagang pera mula sa iyo para sa mga bagay na **hindi sakop sa singil ng Medicaid**. Narito ang ilang mga halimbawa.

- Maaaring naisin mong magkaroon ng isang pribadong kuwarto sa isang bahay na may mga available semi-private na kuwarto. Kakailanganin mong magbayad ng kagragdagang pera sa bahay upang magkaroon ng pribadong kuwarto.
- Mas gusto mo ang isang brief sa pampigil sa pag-ihi o pagdumi na may pangalang brand kaysa sa generic na binibili ng bahay. Mas mahal ang babayaran mo para sa may pangalang brand ng brief na pampigil sa pag-ihi o pagdumi.

Ang mga kinakailangan ng karagdagang patakaran sa pagbabayad ay nakabalangkas sa Washington Administrative Code (WAC) 388-105-0050 at 388-105-0055.

Ang mga AFH o ALF na sumisingil ng karagdagang pera para sa mga item na hindi sakop sa singil ng Medicaid ay dapat bigyan ka ng kopya ng kanilang karagdagang patakaran sa pagbabayad na nagbabalangkas ng mga karagdagang bayad. Tawagan ang RCS Complaint Resolution Unit sa 1-800-562-6078 kung pagkatapos suriin ang karagdagang patakaran sa pagbabayad mayroon kang mga alalahanin o reklamo.

Pagbawi ng mga Pondo Mula sa Iyong Ari-arian

Ayon sa batas, maaaring bawiin (bayaran) ng Estado ng Washington ang mga pagbabayad na ginawa ng Estado ng Washington para sa lahat ng serbisyo ng Medicaid at pangmatagalang pangangalaga na natanggap mo bago ang iyong pagkamatay. Kinukuha ang pagbabayad mula sa iyong ari-arian (mga ari-arian na pagmmay-ari mo o nagkaroon ng interes sa panahon ng pagkamatay). Tinatawag itong Pagbawi sa Ari-arian. Ang karagdagang impormasyon sa Pagbawi ng Ari-arian, kasama ang mga uri ng serbisyo na sasailalim sa Pagbawi ng Ari-arian, ay maaaring makita sa:
https://www.dshs.wa.gov/sites/default/files/FSA/forms/pdf/14-454.pdf
o sa Pagbawi ng Ari-arian para sa mga Medikal na Serbisyo na Binayaran ng Pamahalaan (Estate Recovery for Medical Services Paid for by the State) sa www.washingtonlawhelp.org (mag-click sa “Seniors” at pagkatapos ay “Long term care assistance”).

Babawiin ng Estado ng Washington ang halaga ng mga serbisyo at suporta ng pangmatagalang pangangalaga na pinopondohan ng pederal o estado na hindi kasama ang:

- Mga serbisyo para sa proteksyon ng nasa hustong gulang
- Mga karagdagang pagbabayad para sa seguridad na awtorisado ng Developmental Disability Administration (DDA)
- Mga serbisyo ng programa sa kaligtasan ng pagpsok muli ng may sala sa komunidad
- Mga serbisyo ng nagboboluntaryo
- Mga co-payment na may kaugnayan sa Medicare at mga premium sa ilalim ng pederal na Programa ng Medicare sa Pag-iipon
- Mga medikal na gastos na binabayaran ng Health Care Authority kung hindi ka rin tumatanggap ng mga serbisyo at suporta sa pangmatagalang pangangalaga.

Basahin ang “Estate Recovery for Medical Services Paid for by the State” sa www.washingtonlawhelp.org (mag-click sa “Seniors” at pagkatapos ay “Long term care assistance”):

- Basahin ang Revised Code of Washington (RCW) 41.05a at 43.20b at Washington Administrative Code (WAC) 182-527

Ang pagbawi ng ari-arian ay naaangkop lang sa mga ari-arian na naging pagmamay-ari mo o na nagkaroon ka ng interes sa panahon ng pagpanaw. Hindi uumpisahan ng estado ang mga pagsusumikap ng pagbawi hanggang pagkatapos ng iyong pagpanaw, sa panahon ng

Mga Personal na Pondo ng Residente na Hawak ng Pasilidad

Kung hawak ng pasilidad ng pangangalaga sa tahanan ang anumang mga pondo ng isang residenteng pumanaw, dapat ang dapat ibigay ang pera sa loob ng 45 araw sa:

- Indibiduwal o hurisdiksyon na maaaring gumawa ng legal na pag-apruba na nangangasiwa ng ari-arian ng residente.
  - o -
- Ang Opisina ng Pagbawi na ukol sa Pananalapi Maaaring maglabas ang opisinang ito ng mga pondo upang mgabayad para sa halaga ng pagpapalibing.

buhay ng iniwanang asawa, kinakasama sa bahay, o habang ang iniwanang anak ay wala pa sa edad na 21, bulag, o may kapansanan. Maaaring ilapat ang mga probisyon sa paghihirap upang protektahan ang mga umaasang tagapagmana.

Ang ilang mga lupa na pag-aari ng mga American Indian o Mga Katutubo ay maaaring hindi isama mula sa Pagbawi ng Ari-arian.

Umiral sa maraming taon ang iba't-ibang mga hindi pagsasama. Ilalapat ng DSHS ang anumang mga batas ng pagbawi ng ari-arian na umiral sa petsa nang natanggap ang mga benepisyo.

Mga Lien (Abiso ng Pagkakautang) Laban sa Ari-arian

Maaaring magsampa ng lien ang DSHS o gumawa ng paghahabol laban sa anumang pag-aari upang bayaran ang mga halaga ng pangmatagalang pangangalaga at mga serbisyong medikal na natanggap kung:

- Ang pag-aari ay bahagi ng iyong ari-arian at ikaw ay pumanaw.
- Permanente kang nakatira sa isang nursing home o iba pang medikal na pasilidad.

Bago magsampa ng lien laban sa bahay at lupa bilang bahagi ng pagbawi ng ari-arian, magbibigay ng abiso ang DSHS at pagkakataon para sa isang pagdinig sa iyong personal na kinatawan ng ari-arian o iba pang naitatag na may titulong nagmamay-ari ng pag-aari.

Kung ikaw ay permanenteng nakatira sa nursing home o iba pang medikal na pasilidad at tumatanggap ng Medicaid, maaaring bawiin ng DSHS ang mga halaga mula sa iyong ari-arian o ang pagbebenta ng iyong pag-aari. Kung umuwi ka ng bahay, ire-release ang lien. Ang lien ay hindi isinasampa laban sa iyong bahay kung ang iyong:

- Asawa, kinakasama sa bahay, o menor de edad, bulag, o may kapansanan na anak ay nakitra sa bahay.
- Ang kapatid ay mayroong equity interest sa bahay, kasalukuyang nakatira doon, at tumira doon nang kahit isang taon kaagad bago ka lumipat sa pasilidad.

Para sa higit pang impormasyon sa pagbawi ng ari-arian, kumonsulta sa abogado na may karanasan sa batas ng Medicaid. Maaari ka ring tumawag sa Coordinated Legal Education, Advice, and Referral (CLEAR) nang walang bayad sa 1-888-201-1014.

Ang CLEAR ay isang proyekto ng Northwest Justice Project – isang non-profit na organisasyon sa buong estado na nagbibigay ng mga libreng legal na serbisyong pangmamamayan sa mga residente ng Estado ng Washington na mababa ang kita. Mayroon silang website sa Ingles at Espanyol sa www.nwjustice.org.

Mga Opsyon ng Pangangalaga para sa mga Taong Tumatanggap ng Medicaid

Ang isang social worker ng HCS, tinutukoy minsan bilang isang case maanger, ay rerepasuhin sa iyo ang iyong mga opsyon sa pangangalaga pagkatapos ng pagtatasa ng pangangalaga sa iyo (tingnan ang pahina 4).

Ang mga sumusunod na pahina ay isang buod ng ilan sa mga opsyon ng pangangalaga na maaari mong talakayin. Ang iyong social worker ay maaaring mayroong higit pang impormasyon at sagot sa anumang mga tanong na mayroon ka tungkol sa mga opsyon na ito, ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga ito, at kakausapin ka tungkol sa palagay mong gagana mabuti.

Maraming available na mga serbisyo, programa, at pinagkukunan upang tulungan kang magpagpatuloy na tumira sa bahay.

Mga Serbisyo at Programa Na Tutulong sa Iyong Mamalagi sa Bahay

Maraming tao ang maaaring magpatuloy na manirahan sa bahay kung mayroon silang tulong sa mga bagay katulad ng paghahanda ng mga pagkain, personal na pangangalaga, o paglilinis ng bahay. Maraming serbisyo, programa, at pinagkukunan na available upang tulungan ka sa mga larangang ito.

Kadalasan, ang pamilya at mga kaibigan ay tinutulungan ka na at patuloy na gawin ito. Makikipagtulungan ang iyong social worker sa iyo at bubuo ng plano ng pangangalaga upang punan ang mga puwang na kailangan pa ng tulong.

Ikaw ang pipili kung sino ang iyong magiging (mga) tagapag-alaga.

Tulong sa Personal na Pangangalaga

Ang pangangailangan ng tulong sa personal na pangangalaga ay nangangahulugan na kailangan mo ng tulog sa mga bagay tulad na pagligo, pagbibihis, o pagbabanyo. Ang mga programa tulad ng Community First Choice (CFC) o Medicaid Personal Care (MPC) ay nagbabayad para sa mga serbisyo ng personal na pangangalaga.

Maaaring upahan ang isang tagapag-alaga upang tulungan ka sa personal na pangangalaga kung matutugunan mo ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat. Depende sa iyong kita, babayaran ng DSHS ang lahat o bahagi ng mga serbisyo ng tagapag-alaga na ito (tingnan ang pahina 6 para sa higit pang impormasyon). Binabayaran din ng DSHS ang pangunahing pagsasanay ng tagapag-alaga para sa sinumang (mga) inupahang tagapag-alaga na kwalipikado.

Ikaw ang pipili kung sino ang iyong magiging (mga) tagapag-alaga. Maaaring ikaw mismo ang humanap ng iyong tagapag-alaga, na tinatawag na Individual Provider (IP), kumuha ng isa sa pamamagitan ng ahensiya sa pangangalaga sa bahay, o kombinasyon ng pareho nito. Kung gusto mong maging tagapag-alaga mo ang isang miyembro ng pamilya, maaari lang siyang kunin bilang isang IP. Maaari kang tulungan ng iyong social worker sa prosesong ito.

Individual Provider (IP)

Sa IP, ikaw ang nagdedesisyon kung sino ang pupunta sa iyong bahay at magbibigay ng pangangalaga sa iyo. Ikaw ang nagse-set ng schedule ng trabaho ng iyong tagapag-alaga at tinutukoy kung paano at kailan gagawin ang mga gawain.

Ikaw ang employer ng IP. Ang ibig sabihin nito ikaw ay pipili, kukuha, at mangangasiwa sa tagapag-alaga. Maaari mo ring naising maghanap ng isang backup na tagapag-alaga kapag nagpahinga ang iyong regular na IP. Upang maghanap ng isang IP, maaari kang:

- Pumili ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya (may ilang mga hindi kasama).
- Gumamit ng Home Care Referral Registry (tingnan sa ibaba).
- Maghanap ng isang tao sa iyong komunidad.

Gagawa ng background check ang DSHS sa sinumang piliin mo.

Para sa mas detalyadong pag-intindi sa mga pananagutan ng iyong employer, basahin ang "Pagkilala ng Aking mga Pananagutan bilang Employer ng Aking Individual Provider" (DSHS 11-055). Ito ang form na matatanggap mo mula sa iyong case manager.

Mga Ahensiya sa Pangangalaga sa Bahay

Ang isa mo pang opsyon ay pumili ng lisensyado at nakakontratang ahensiya sa pangangalaga sa bahay upang magbigay ng tagapag-alaga. Ang ahensiya sa pangangalaga sa bahay ay nagre-recruit, gumagawa ng mga background check sa pamamagitan ng DSHS, kumukuha, pinangangasiwaan ang kanilang mga manggagawa, at tinitiyak na nakakakuha ng kinakailangang pagsasanay ang mga tagapag-alaga. Binibigyan ka ng ahensiya sa pangangalaga sa bahay ng backup na tagapag-alaga kung hindi makakapagtrabaho ang iyong naka-schedule na tagapag-alaga.

Makikipagtulungan ang superbisor ng ahensiya sa pangangalaga sa bahay upang maghanap ng mga tagapag-alaga na matutugunan nang mabuti ang iyong mga pangangailangan. Gayunpaman, mas kaunti ang iyong kontrol sa kung sino ang napili at hindi ka maaaring magkaroon ng parehong tagapag-alaga na pupunta sa iyong bahay. Ang mga ahensiya sa pangangalaga sa bahay ay hindi pinahihintulutang kumuha ng isang miyembro ng pamilya upang magbigay ng pangangalaga sa iyo .

Home Care Referral Registry ng Estado ng Washington

Ang Home Care Referral Registry ng Estado ng Washington ay LIBRENG serbisyo ng referral na nagtutumga sa iyo sa mga na-screen nang IP sa iyong lugar. Maaari mong gamitin ang Registry upang tumulong sa iyong paghahanap ng IP o backup na tagagpag-alaga.

Mayroong mga Registry Center sa maraming komunidad sa Washington. Upang makita kung mayroong Registry Center na malapit sa iyo, tawagan ang 1-800-970-5456 o puntahan ang kanilang website sa www.hcrr.wa.gov para sa higit pang impormasyon.

Pagkuha ng Pamilya o Mga Kaibigan bilang Iyong Tagapag-alaga – Isang Gabay para sa Mga Nasa Hustong Gulang na Nangangailangan ng Pangangalaga
Ang (DSHS 22-1332) ay isang libreng booklet na nagbibigay ng mga praktikal na tip at mungkahi kung kukuha ka ng miyembro ng pamilya o kaibigan upang magbigay ng pangangalaga. Tingnan ang pahina 16 para sa pagkuha ng impormasyon.

Maraming mga opsyon sa pangangalaga sa bahay na makukuha kung kailangan mo ng tulong sa pangangalagang pangkalusugan.

Tulong sa mga Pangangailangan ng Pangangalagang Pangkalusugan

Dati, maraming tao ang lumipat sa isang nursing home kung kinailangan ang pangangalaga mula sa lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tulad ng siang rehistradong nars. Ngayon, maraming opsyon sa pangangalaga sa bahay na maaaring available kung kailangan mo ng tulong sa mga gawain sa pangangalagang pangkalusugan.

Pangangalaga na Pinamamahalaan ng Sarili

Kung nakatira ka sa iyong bahay, maaari mong atasan at pangasiwaan ang isang IP upang tulungan ka sa mga gawain sa pangangalagang pangkalusugan na hindi mo magawa dahil sa iyong kapansanan. Kasama dito ang mga bagay na karaniwang hindi magagawa ng isang IP kasama ang pagbibigay ng mga gamot, programa sa pagdumi, bladder catheterization, at pangangalaga ng sugat.

Pagtatalaga ng Nars

Sa programang ito, tinatasa ng rehistradong nars (RN) ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at sinasanay at pinangangasiwaan ang katulong na nars o sertipikadong home care aide (HCA) upang magbigay ng mga gawain sa pangangalagang pangkalusugan na hindi mo magagawa mag-isa. Mayroong mga tuntunin tungkol sa mga uri ng pangangalaga na maaari at hindi maaaring italaga.

Ang katulong na nars o HCA ay dapat makatanggap ng pagsasanay at maaprubahan ng nagtatalagang nars bago gumawa ng anumang mga itinatalagang gawain. Available ang pagtatalaga ng nars sa iyong bahay o pasilidad para sa pantahanang pangangalaga.

Home Health Care

Ang ahensiya sa pangangalaga sa bahay ay nagbibigay ng may kasanayang pangangalaga ng nars o home health aide. Maaaring makipagtulungan sa iyo ang iyong social worker tungkol dito.

Hospisyo

Kasama sa pangangalaga ng hospisyo ang koponan ng mga propesyonal at nagboboluntaryo na nagbibigay ng pangangalagang medikal, pangkaisipan, at ispirituwal para sa mga taong malapit nang pumanaw at ang kanilang mga pamilya. Madalas ibinibigay ang pangangalaga ng hospisyo sa bahay ngunit available rin sa iba pang mga setting pangangalaga, kasama ang ospital. Kailangan ang referral ng isang doktor.

Iba Pang Mga Serbisyo na Maaaring Makatulong

Ang sumusunod ay mga karagadagang serbisyo na maaaring maging available.

Mga Serbisyo sa Umaga para sa Nasa Hustong Gulang

Ang mga serbisyo sa umaga para sa nasa hustong gulang ay mga programang nag-aalok ng mga serbisyo sa setting na grupo sa labas ng bahay. Kasama sa mga programa ng Pangangalaga sa Umaga para sa Nasa Hustong Gulang ang tulong sa personal na pangangalaga,

mga aktibidad na panlipunan at terapewtika, edukasyon, karaniwang pagsubaybay ng kalusugan, masustansiyang pagkain at mga meryenda, pag-aayos para sa transportasyon, paunang lunas, at emerhensiyang pangangalaga.

Ang mga programa ng Adult Day Health ay ibinibigay ang lahat ng serbisyong ito at pangangalaga ng nars at mga therapy para sa rehabilitasyon.

Mga Pagbabago ng Kapaligiran

Ang mga pagbabago, katulad ng mga rampa, bar na hawakan sa paliguan o malapit sa banyo, o pagpapalawak ng mga pintuan para sa wheelchair, ay maaaring idagdag sa iyong bahay upang tulungan kang umangkop nang ligtas sa iyong nagbabagong mga kinakailangan.

Mga Pagkain na Hinahatid sa Bahay

Ang isang masustansiyang pakain ay hinahatid sa iyong bahay nang isang beses sa isang araw.

Magkakahiwalay na Pagsasanay

Ang pagsasanay ay ibinibigay kung ikaw o ang iyong (mga) tagapag-alaga ay kailangan ng karagdagang impormasyon o kasanayan upang mabisang isagawa ang plano ng iyong pangangalaga.

Medikal na Kagamitan

Ang kinakailangan na medikal na kagamitan ay binibili na hindi sakop ng Medicaid o Medicare.

Personal Emergency Response System (PERS)

Nagbibigay ng electronic device na nagpapahintulot sa iyong makakuha ng tulong sa isang emerhensiya. Nakakonekta ang sistema sa iyong telepono o maaari ka ring magsuot ng portable na button ng “tulong”. Kapag in-activate, tatawagan ng kawani ng response center ang 911 at/o gagawa ng anumang aksyon na nai-setup nang maaga.

Transportasyon

Nagbibigay ng limitadong transportasyon upang tulungan kang pumunta sa mga kailangang serbisyo at aktibidad.

Pagsasanay para Makakuha ng mga Kasanayan:

Ang ibinibigay na pagsasanay sa iyo na maging higit pang malaya sa iyong personal na pangangalaga.

Pagsasanay sa Pamamahala ng Tagapag-alaga:

Mga pinagkukunan upang tulungan kang alamin kung paano kumuha, mag-alis, at pamahalaan ang iyong mga tagabigay ng personal na pangangalaga.

Mga Karagdagang Programa

Ang mga sumusunod na programa ay limitado sa ilang mga heograpikong lugar sa buong estado. Makipag-usap sa iyong social worker upang alamin pa ang tungkol sa mga programang ito.

Mga Serbisyo ng New Freedom na Kinokontrol ng Consumer

Ang New Freedom ay isang programa na nagbibigay sa iyo ng mas maraming kontrol at pagpili sa mga matatanggap na serbisyo. Sa New Freedom, makakatanggap ka ng budget buwan-buwan upang bumili ng mga serbisyo at item upang tulungan kang mamuhay nang malaya hangga't maaari.

Makikipagtulungan sa iyo ang isang consultant na may alam tungkol sa mga opsyon ng lokal na serbisyo upang bilhin ang mga serbisyong gusto mo. Babayaran ng serbisyo sa pamamahala ng pananalapi ang iyong mga tagabigay ng serbisyo at tutulungan kang subaybayan ang iyong budget.

Kasalukuyang available ang New Freedom sa mga County ng King at Pierce para sa mga taong nakatira sa bahay.

Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE)

Ang PACE ay nagbibigay ng pinagsama, maraming larangan na pamamaraan ng koponan sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong panlipunan para sa mga nasa hustong gulang na 55 at mas matanda pa sa lokal na PACE center. Inakma upang matugunan ang iyong indibiduwal na mga pangangailangan, ang PACE center ay ang sentro para sa pakikipagtulungan at pagbibigay ng karamihan sa mga serbisyo.

Kasalukuyang available ang PACE sa mga bahagi ng County ng King. Upang alamin pa ang tungkol sa programa ng PACE sa County ng King, tawagan ang Providence ElderPlace sa 206-320-5325.

Mga Opsyon para sa Matitirahang Bahay at Pangangalaga

Maraming mga opsyon kung saan ka maaaring tumira at makakuha ng pangangalaga kung hindi ka na namamalagi sa bahay. Karamihan sa mga tao ay pamilyar sa mga nursing home. Hindi gaanong pamilyar ang mga tao sa iba pang mga opsyon sa pangangalaga sa tinitirhan.

Kadalasang gumagamit ng assisted living upang ilarawan ang anumang live-in care facility na nagbibigay ng pabahay, mga pangunahing serbisyo at inaako ang pangkalahatang pananagutan para sa kaligtasan at kapakanan ng mga residente.

Ang sumusunod ay ilang nakakatulong na impormasyon tungkol sa mga posibleng opsyon sa pabahay para sa pangangalaga sa bahay para sa mga taong tumatanggap ng Medicaid. Dapat lisensyado ang pasilidad ng Estado ng Washington at natanggap ng bayad ng Medicaid para sa mga residente.

Mga Adult Family Home at Mga Assisted Living Facility

Ang isang adult family home (AFH) ay lisensyadong magbigay ng mga serbisyo ng pabahay at pangangalaga hanggang sa anim na tao sa isang bahay. Maaring patakbuhin ang AFH ng pamilya na may mga anak, isang walang asawang tao, mag-asawa, mga kaibigan, o mga kasosyo sa negosyo. Maaari ring kumuha ng mga empleyado ang AFH. Pinahihintulutan ng ilang mga AFH ang mga alagang hayop. Sa ilang mga bahay, maaaring magsalita ng maraming wika.

Ang isang assisted living facility (ALF) ay lisensyadong magbigay ng pabahay at pangangalaga para sa pito o mahigit pang mga tao sa isang bahay o pasilidad. Ang mga opsyon sa pabahay ay nasa hanay mula sa isang kuwarto na may access sa ibinabahaging maookupahang lugar hanggang sa iyong sariling apartment. Iba-iba ang laki at nagmamay-ari ng mga ALF mula sa pasilidad na may 7 kama na pinapatakbo ng isang pamilya hanggang sa isang pasilidad na may 150 kama na pinapatakbo ng isang malaking korporasyon sa bansa.

Ang mga AFH at ALF ay nagbibigay ng pabahay at mga pagkain (kuwarto at pamamalagi), iba't-ibang mga antas ng tulong sa personal na pangangalaga, at inaako ang pangkalahatang pananagutan para sa iyong kaligtasan at pangangalaga. Ang mga karagdagang serbisyong inaalok ay iba para sa bawat bahay at maaaring may kasamang:

- Intermittent nursing care (available ang isang nars sa part-time na basehan).
- Tulong sa o pagbibigay ng mga gamot.
- May espesyalidad na pangangalaga para sa mga taong namumuhay nang may mga kapansanan sa bahagi ng katawan, dementia, o sakit sa isip.

Mayroong listahan at kaalaman ang iyong social worker sa kung anong mga bahay ang available sa iyong lokal na lugar. Ang listahan ng mga adult family home at mga assisted living facility ay maaaring makita sa internet sa www.adsa.dshs.wa.gov.

Ang Choosing Care in an Adult Family Home or Assisted Living Facility (DSHS 22-707) ay libreng booklet mula sa DSHS na tumatalakay sa kung paano maghanap at pumili ng tamang bahay para sa iyo. Kasama sa booklet ang checklist ng mga bagay para magtanong at maghanap na maaaring tumulong sa iyo na gawin ang iyong desisyon. Basahin ito sa internet sa www.dshs.wa.gov/SESA/publications-library.

Maraming mga opsyon kung saan ka maaaring tumira at makakuha ng pangangalaga kung hindi ka na namamalagi sa bahay.

Mga Nursing Facility

Nagbibigay ang mga nursing facility ng 24 na oras ng pinangangasiwaang pangangalaga ng nars, personal na pangangalaga, therapy, pamamahala ng nutrisyon, maayos na mga aktibidad, mga serbisyongp panliupan, kuwarto, pamamalagi, at mga serbisyo sa paglalaba.

Pag-uwi ng Bahay Pagkatapos ng Pamamalagi sa isang Nursing Facility o Ospital

Kung kasalukuyan kang nakatira sa isang nursing facility o naospital, maaaring maraming serbisyo at suporta na available upang tulungan kang bumalik sa tahanan o pumili ng iba pang mga opsyon kung saan ka makakakuha ng pangangalagang kailangan mo. Ang isang case manager ng nursing facility mula sa iyong lokal na opisina ng Home and Community Services ay tutulungan kang suriin ang iyong mga opsyon sa pangangalaga at pabahay at makikipagtulungan sa iyo upang bumuo ng plano sa pag-uwi.

Bilang karagdagan, ang case manager ng iyong nursing facility ay maaari kang tulungang makilala ang mga serbisyo sa paglipat na maaaring maging available sa iyo. Maaaring kasama sa mga halimbawa ng mga serbisyong ito ang:

- Pagtingin sa iyong mga opsyon sa pabahay at paghahanap ng lugar na matitirahan.
- Paggawa ng magkakahiwalay na plano ng pag-uwi at pangangalaga.
- Pagbabayad ng ilan sa iyong mga gastos sa bahay habang ikaw ay nasa isang nursing facility (sa loob ng anim na buwan o mas kaunti).
- Pagbabayad para sa security deposit o pag-on ng mga utilidad.
- Pagbabago ng iyong bahay upang gawin itong mas ligtas tulad ng pagdadagdag ng rampa o mga bar na hawakan sa banyo.
- Mamalagi muli sa komunidad.

Makipag-ugnayan sa case manager ng iyong nursing facility o lokal na opisina ng Home at Community Services para sa higit pang impormasyon (tingnan ang likod ng booklet para sa mga numero ng telepono).

Mayroon Kang Pagpipilian...

Binigyan ka ng booklet na ito ng impormasyon sa pag-aapply para sa Medicaid at ang mga opsyon mo para sa pangangalaga kung karapat-dapat kang makatanggap nito.

Maraming tao, opsyon, at pinagkukunan na available upang tulungan kang mamalagi nang malaya hangga't maari.

Boluntaryo ang paglahok sa mga serbisyo sa bahay at komunidad. Mayroon kang karapatang tanggihan o itigil sa anumang oras ang mga serbisyo.

Kapag nagsimula ka nang tumanggap ng mga serbisyo, palaging makipag-ugnayan sa iyong social worker kung mayroon kang mga tanong o kailangan ng pagbabago sa iyong pangangalaga.



Sa pamamagitan ng suporta, maaari hindi mo kailangang mamalagi sa isang nursing facility.

Karagdagang Impormasyon

Pag-order ng mga Paglalathala

Maaari kang umorder ng booklet na ito at iba pang mga paglalathala ng DSHS sa pamamagitan ng Washington State Department of Printing (DOP). Pumunta sa website ng DOP sa: www.prt.wa.gov at i-click sa General Store.

Maaari ring maglagay ng mga paghiling ng paglalathala sa pamamagitan ng:
E-mail sa: fulfillment@prt.wa.gov
Telepono sa: 360-570-3062
Fax sa: 360-586-6361

Tiyakin na isama ang pangalan ng paglalathala, numero ng paglalathala, at ang pangalan at address ng contact.

Ang lahat ng paglalathala, kasama ang mga isinaling bersyon, na nakalista sa booklet na ito at higit pa ay maaaring makita at mabasa sa on-line sa https://www.dshs.wa.gov/altsa o http://www.hca.wa.gov/medicaid/forms/Pages/index.aspx.

Community Living Connections (CLC)

Karamihan sa mga opsyon ng pangangalaga na tinalakay sa booklet na ito ay available sa isang nasa hustong gulang na pribadong nagbabayad, sa pamamagitan ng the Veterans Health Administration, o sa pamamagitan ng iba pang insurance para sa mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga. Kung hindi ka karapat-dapat para sa Medicaid, o hindi sigurado kung ikaw ay karapat-dapat, at nais makipag-usap sa isang tao tungkol sa kung anu-anong mga serbisyo at pinagkukunan ang available sa tinitirhan mo, tawagan ang iyong lokal na opisina ng CLC o pumunta sa www.waclc.org.

Para hanapin ang iyong lokal na opisina ng CLC, puntahan ang website ng Community Living Connections (CLC) ng Washington sa www.waclc.org at i-click sa “Get Help Understanding and accessing services”; hanapin ang Area Agency on Aging (AAA) sa yellow pages ng iyong telephone book sa ilalim ng “Senior Services”; o tumawag sa 1-800-422-3263 at hilingin ang numero.

Mga Pinagkukunan para sa Mga Tagapag-alaga

Maraming mga pinagkukunan upang tulungang suportahan ang pamilya at mga kaibigan na nagbibigay ng walang bayad na pangangalaga. Hindi mo kailangang mag-apply o tumanggap ng Medicaid upang samantalahin ang mga pinagkukunan na ito.

Programa ng Suporta para sa Tagapag-alaga ng Pamilya (FCSP)

Tinutulungan ng Programa ng Suporta para sa Tagapag-alaga ng Pamilya ang mga hindi binabayarang tagapag-alaga ng mga nasa hustong gulang na 18 at mas matanda pa na alinman sa hindi karapat-dapat para sa o hindi interesado sa mga Serbisyo ng Medicaid sa Pangmatagalang Pangangalaga. Matutulungan ka ng kawani na:

- Makahanap ng mga lokal na pinagkukunan at serbisyo*.
- Makahanap ng mga grupong nagbibigay ng suporta at pagpapayo sa tagapag-alaga.
- Makakuha ng pagsasanay sa partikular na mga paksa ng pag-aalaga o kagamitan o mga suplay ng tagapag-alaga.
- Malaman ang tungkol sa mga opsyon ng respite care (pahina ng tagapag-alaga) kung kailangan mo ng pahinga.
- Pag-usapan ang mga partikular na isyu na mayroon ka at mag-alok ng praktikal na impormasyon at mga mungkahi sa pag-aalaga

Kontakin ang iyong lokal na opisina ng Community Living Connections para sa higit pang impormasyon sa programang ito o pumunta sa www.altsa.dshs.wa.gov/caregiving.

** Ang ilang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ay maaaring ilapat at ang mga serbisyo ay maaaring mag-iba sa bawat komunidad*

Libreng booklet

Ang *Family Caregiver Handbook* (DSHS 22-277) ay libreng booklet na maaaring tumulong sa iyong malaman pa ang tungkol sa lahat ng aspeto ng pagbibigay ng pangangalaga. Tingnan ang pahina 16 para sa paghingi ng impormasyon o basahin ito sa Internet sa https://www.dshs.wa.gov/SESA/publications-library.

Website ng ALTSA

Puntahan ang website ng ALTSA upang malaman pa ang tungkol sa:

- Mga uri ng mga serbisyo sa pangangalaga, programa, at mga available na pinagkukunan at kung paano mahahanap ang mga ito.
- Mga opsyon sa matitirahan para sa tao na hindi na nakatira sa bahay at kung paano mahahanap ang mga ito.
- Mga pinagkukunan sa estado, pederal, at lokal na tumutulong na magbayad para sa pangangalaga at mga iniresetang gamot.
- Impormasyon, mga pinagkukunan, at mga programa ng suporta ng tagapag-alaga para sa tao na nag-aalaga ng mahal sa buhay.
- Pagpaplano ng pangmatagalang pangangalaga:
  - Mga legal at ukol sa pananalapi na hakbang kailangan upang tumulong magplano nang matalino para sa hinaharap.
  - Mga tip sa malusog na pagtanda.
- Mga isinaling bersyon ng booklet na ito sa Cambodian, Chinese, Korean, Laotian, Russian, Espanyol, at Vietnamese.

Pumunta sa **https://www.dshs.wa.gov/altsa** ngayon!

Mga Numero ng Telepono ng Home and Community Services

Tumingin sa mapa upang hanapin ang rehiyon na tinitirhan mo. Tawagan ang nakalistang numero para sa iyong rehiyon at hilingin ang lokal na opisina ng HCS na malapit sa iyo.



REHIYON 1

509-323-9400
1-800-459-0421
TTY 509-329-3698

Adams, Asotin, Benton, Chelan, Columbia, Douglas, Ferry, Franklin, Garfield, Grant, Kittitas, Klickitat, Lincoln, Okanogan, Pend Oreille, Spokane, Stevens, Walla Walla, Whitman, at Yakima na mga County

REHIYON 2

206-341-7600
1-800-346-9257
TTY 1-800-833-6384

Island, King, San Juan, Skagit, Snohomish, at Whatcom na mga County

REHIYON 3

253-476-7200
1-800-442-5129
TTY 253-593-5471

Clallam, Clark, Cowlitz, Grays Harbor, Jefferson, Kitsap, Lewis, Mason, Pacific, Pierce, Skamania, Thurston, at Wahkiakum na mga County

---

Magkakasama tayong lahat laban sa pang-aabuso sa nasa hustong gulang

Ang pang-aabuso sa mga mahinang nasa hustong gulang (mga taong kailangan ng tulong upang pangalagaan ang kanilang mga sarili) ay maaaring mangyari anumang oras, kahit saan. Iniimbestigahan ng DSHS ang pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya, pagsasamantala, o pag-iwan sa mga mahinang nasa hustong gulang.

Kung naghihinala ka sa pang-aabuso, pagpapabaya, o pagsasamantala ng mahinang nasa hustong gulang:

Tawagan nang libre ang DSHS

DSHS TOLL FREE 1-866-ENDHARM
Voice/TTY Accessible
1-866-363-4276

Washington State Department of Social & Health Services
Transforming lives

DSHS 22-619 TA (Rev. 7/15)